



REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

EDITORIAL

Labanan at Ibagsak ang Pahirap, Papet at Pasistang Rehimeng Duterte!

Nasadlak sa patung-patong na pagdurusa ang mga Mindoreño sa mahigit tatlong taon na paghahari ng rehimeng US-Duterte (RUSD). Mitsa ng kahirapang ito ang mga kontra-mamamayan, pasista, maka-dayuhan at para sa iilan na mga patakarang at programa ng rehimen.

Samantala, ginatungan ng rehimen ang pandarambong, pagpapakasasa sa burukratang korapsyon at sindikatong operasyon ng mga naghaharing uring kasapakat, kroni, armadong galamay at mga dayuhang kapangyarihan na pinapaboran ng rehimen.

Sa pagkaupos ng kabuhayan ng laksang Piiipino, todo namang inaatake ang batayang karapatan ng sambayanan ng ipinataw ang batas militar sa buong bansa kahimat walang pormal na deklarasyon ng Martial Law.

Sataong 2020, umarangkada ang epekto ng Rice Tariffication Law (RTL) na muling nagbunsod ng pagsadsad ng presyo ng palay na pangunahing produktong agrikultural at pundasyon ng ekonomiya ng isla. Bumagsak din ang presyo ng kopras na pangalawang mayor na produkto. Ito rin ang sinapit ng mga produktong bukid na saging, mais, sibuyas, bawang, bundo, kape, kaong at luya. Dahil dito, bumagsak ng husto ang kita ng mayorya ng Mindoreño.

Sa panig ng mga mangingisda, lumalaki ang kanilang gastos para makapaglaot habang patuloy na lumiliit ang kita. Ang mga maliliit na mangingisda ay inaagawan ng kita ng mga malalaking pangisda



na pumapasok sa municipal fishing grounds. Ipinagkakait din ang pangangisda sa ilang bahagi ng karagatan na dinibelop para sa eko-turismo habang ang aplayang saklaw ng pampublikong lupain ay maanomalyang napapatituluhan at naisasapribado na dahilan ng maraming kaso ng pagpapalayas sa mga pamayanan ng mangingisda, mala-mangagawa at magsasaka. Sa laot, dinadahas ng armadong pwersang Tsino ang mga mangingisda sa West Philippine Sea na inaabot ng mga mangingisdang Mindoreño subalit mas kinakatigan pa ng rehimen ang mga dayong nanghihimasok sa saklaw ng ating karagatan. Sa kabila ng napakayamang katubigan at karagatan, napakamahal ng isda sa Mindoro na hindi na

kayang abutin ng maliliit ang kita.

Ang pagsirit pataas ng presyo ng karneng baboy ay hindi nangahulugan ng dagdag na kita sa mga nag-aalaga ng baboy sa Mindoro. Nilanos ng palpak na pagtugon ng gobyerno sa African Swine Fever (ASF) ang sektor ng pag-aalaga ng baboy sa Mindoro nang ipinatupad ang pagsara ng dalawang probinsya ng isla sa pagpasok ng produktong baboy habang wala namang ibinigay na suporta sa mga mag-aalaga nito.

Bago pa ang 2020, nagdarahop na ang kalagayan ng maraming Mindoreño. Aabot ng 65% ng magsasakang Mindoreño ang wala o kulang ang lupang sinasaka kaya

kabilang sila sa pinakamahihirap na Mindoreño. Pasan nila ang pinakamabigat na trabaho, lumilikha ng pagkain pero lugmok sa kasumpa-sumpang kagutuman at nasa bingit ng pagkakasakit at kamatayan. Bulnerable din ang kanilang kita sa mga kalamidad at aberya ng panahon. Higit sa lahat, nagdurusa sila sa kapabayaan ng gobyerno na makikita sa kawalan ng programa sa tunay na reporma sa lupa at matinong programa sa agrikultura.

Matatandaan din na sa pagtatapos ng 2019, sabayang nanalasa sa Mindoro ang Ursula at Tisoy at ang unang arangkada ng RTL na nagpabagsak sa presyo ng palay. Inasahan nating babangon tayo sa pagpasok ng 2020 pero Marso ay pumasok na ang COVID-19 at ipinatupad ang militaristang lockdown na nagpatigil sa hanapbuhay ng mga Mindoreño. Sa pagtatapos ng taon muling pinadapa ang produktibidad, imprastruktura at kabahayan ng mga Mindoreño ng bagyong Rolly, Quinta at Ulyses. Pumatong ito sa mga naunang pananalanta ng bagyo na hindi pa nabibigyan ng ayuda ay muli na namang dumanas ng kalamidad.

Samantala, nasa kailaliman ng pagdurusa ang mga Mangyan. Biktima sila ng sobra sa pagkaatrasado ng produksyon, pandaraya sa

timbang at pagbilang ng kanilang produkto, sobrang binabarat ang presyo nito at ginagamitan ng iba't ibang anyo ng panloloko. Inaagawan pa sila ng kanilang lupaing ninuno kung saan pasimuno ang mga proyekto ng gobyerno at mga panginoong maylupa. Larawan sila ng pagkaatrasado, pagsasamantala, pang-aapi at pag-aglahi. Sa panahon ng pandemya, pakitang-taong ayuda lamang ang naibigay sa kanila na ginamit pang tabing sa mararahas na operasyong Retooled Community Support Program (RCSP) na bahagi ng pangkontra-insurhensyang programa ng RUSD.

Libong pamilya ng magsasaka at katutubo ang nahaharap sa pagpapalayas o panganib na mapalayas sa kanilang lupain dahil sa mga proyektong pang-eko-turismo, Renewable Energy, malakihang dayuhang pagmimina at pagpapalawak ng Tamaraw Reservation. Dagdag pa dito ang mga negosyong nais ipasok ng mga pribadong mamumuhunan na kakutsaba ang mga nasa gobyerno.

Sa gitna ng mabibigat na mga isyung panlipunan na dapat panagutan ng RUSD, pagsikil sa demokratikong karapatan ang kanyang tugon sa mga hinaing ng taumbayan. Pinakamalupit at gitgitan ang pagharap ng

mga Mindoreño sa karahasang militar na hatid ng Oplan Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte, ang Executive Order No. 70 na nagbuo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at ang naipasang batas na Anti-Terrorism Act of 2020. Layunin diumano nito para wasakin ang CPP-NPA-NDF pero sa katunayan, ang inaatake nito ay ang pagkakaisa at pagkilos ng mga Mindoreño para sa kanilang karapatan at kabuhayan.

Ang whole-of-nation approach ng rehimeng Duterte na nag-iimbwelto ng buong makinarya ng estado ay pagpapatupad ng impunity o kawalan ng pananagutan sa mga krimen at pang-aabuso nito dahil buong kapangyarihan ng estado ang dadagan sa sinumang magsasatinig ng pagtutol dito.

Tumindi ang kalupitan sa mga katutubo sa pamamagitan ng Ethno-centric approach ng rehimen. Ginamit na tabing ang maliliit na proyekto para sa maramihang pagpapasuko bilang rekisito at maipasok ang kontra-insurhensyang layunin ng TF-ELCAC. Para supilin ang pagkilos ng mga katutubo ginamitan ito ng dahas tulad ng strafing, pambobomba, pagpapalikas, tortyur, pagpaslang kasabay ng maruming say-ops, pagbabanta kasabay ng panarahuyo ng pera ng mapanlinang na Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP).

Sa gitna ng paglaban sa COVID-19, walang kahihyang ginamit pa ang pandemya bilang panabing sa sustenido at malakihang operasyon sa kontra-insurhensya. Habang pilit na ipinalulunok sa Mindoreño ang militaristang lockdown sa buong populasyon, malaya at todo-todo naman ang ginagawang panghahalihaw ng mga focused military operations at RCSP ng kasundaluhan at pulis.

Lubusang nailantad ng pandemyang COVID-19 ang pagkabangkarote ng kriminal at pasistang rehimeng nakaluklok sa poder. Pinabayaan ng husto ang agrikultura at batayang

NILALAMAN



Editorial: Labanan at Ibagsak ang Pahirap, Papet at Pasistang Rehimeng Duterte!	1
Ika-52 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM, sinalubong ng matatagumpay na aktibidad ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro!	3
Isnayp sa RCSP, brgy Monte Claro, San Jose, Occ Min, tagumpay!	6
Madaay Gasic: Isulong sa mas mataas na antas ang rebolusyon sa Mindoro!	6
Kampanyang Batayang Kurso ng Partido (BKP), sinuportahan ng mga pwera at masa sa lokalidad!	7
Pagsasamantalang pyudal sa isla lalong tumindi sa panahon ng pandemyang Covid-19 ni Ma. Patricia Andal	8
Pinakamataas na Parangal sa mga Rebolusyonaryong Martir ng Sorong, Aguas, Rizal, Occ Min!	10
Kultura: Tula para sa mga martir ng Sorong	12

industriya ng bansa sa labis na pagsalig sa pag-import ng batayang pangangailangan, pinaliit ang pondong laan sa edukasyon at kalusugan, natulog sa gitna ng kalamidad at minaliit ang panganib ng pandemya. Samantala, todo-buhos naman ang pondo sa modernong kagamitang pandigma kabilang ang armadong panghimpapawid, sandata at elektronikong gamit sa surbeyans tulad ng mga drone at pansuhol sa mga sundalo at pulis.

Sawimpalad ang mga Pilipino sa pagkakaroon ng gobyernong masugid na tagapagtaguyod ng neoliberal na patakaran. Ito ang patakaran na ipinataw ng mga imperyalistang kapangyarihan sa mga bansa at mamamayan sa buong mundo, kasama na ang Pilipinas.

Ang sistemang ito ang naglulugso sa walang kaparis na kahirapan, kagutuman at pagsikil ng batayang karapatan ng mamamayan habang nabubundat naman ang mga panginong maylupa, burukrata

kapitalista, malalaking burgesya-komprador at mga malalaking negosyante't dayuhang korporasyon. Neoliberalisasyon din ang nakikitang dahilan kung bakit mas malala ang tama ng pandemya sa mga estadong luklukan ng pagpapatupad ng patakarang neoliberal na tulad ng imperyalistang US.

Tunay na demokrasya at pambansang kalayaan, hindi neoliberal na patakaran ang kailangan ng bayan upang matugunan ang pangunahing suliranin ng bansa lalo na sa panahong may pandemya o epidemya. Kailangan ang masiglang kilusang masa at ang supporta ng tunay na estado ng mamamayan upang agarang masaklolohan ang mga apektado at maitayo ang matibay na ekonomiya na may kapasidad na humarap sa anumang sakuna, pandemya at krisis. Pangunahin na dito ang pagtatayo ng ekonomiya batay sa tunay na reporma sa lupa at makabayang industriyalisasyon. Kasabay nito ang paggarantiya sa mga batayang karapatan ng mamamayan sa buhay

panlipunan. Ang lahat ng ito ay hindi makakamit hangga't ang rehimeng nakaluklok ay nagtataguyod ng neoliberal na mga patakaran ng imperyalistang bansa kabilang ang US at Tsina na mga amo ng rehimeng Duterte.

Sagka sa pag-iral ng tunay na demokratikong gobyerno ang pananatili sa poder ng RUSD. Kaya ang kagyat na tungkulin ng mamamayang Mindoreño ay magpalakas ng kilusang masang sumusuporta sa pambansa-demokratikong programa. Ito ang programang hatid ng pambansa-demokratikong rebolusyon ng bayan. Ito ang tanging landas upang makaalpas ang sambayanang Pilipino sa saklot ng pinakamalupit na atake sa kabuhayan, buhay ng masang Mindoreño at ng buong sambayanang Pilipino. Isambulat natin ang nagngangalit na alimpuyo ng armadong pakikibaka at kilusang masa upang ibagsak ang rehimeng US-Duterte! *A*

LATHALAIN

Ika-52 Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM, sinalubong ng matatagumpay na aktibidad ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro!



Pinagdiwang ng mga Mindoreño sa pangunguna ng Lucio de Guzman Command-NPA-Mindoro ang ika-52 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas- Marxismo-Leninismo-Maoismo. Sa temang Pamunuan ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan laban sa Imperyalismo, Pyudalismo, at Pasismo, taas-kamaong sinalubong ng masang magsasaka, katutubong Mangyan, mga kabataan at kababaihan ang kaarawan ng pinakamamahal na Partido.

Pinasigla ang pagdiriwang ng maraming aktibidad sa ibat-ibang lugar na inaabot ng mga yunit ng LDGC.

Pinaghandaan ang okasyon kapwa ng mga kadre at kasapi ng Partido, mga opisyal at mandirigma ng NPA at rebolusyonaryong mamamayan

sa mga pulang base. Aktibong tumugon, nag-ambag at lumahok ang mga naimbitahan na kaibigan at alyado.

Relatibo sa mga nagdaang taon, hindi kasing laki ang mga pagtitipon ngayong taon at minabuting pasimplehin ang mga ito bilang pagkilala sa limitasyon at kahirapan na hatid ng pandemya at mga bagyo na nanalasa sa isla. Ganun pa man, higit na nagpaalab sa mga okasyong ito ang mga kahirapan at sakripisyong pinagdaanan ng mga rebolusyonaryo at masang Mindoreño sa taong 2020. Kahimat payak, malalim ang kabuluhan ng okasyon dahil ang mga pagtitipon ay patunay ng pangigingibabaw sa pinatinding kalupitan ng kampanyang kontra-insurhensya ng rehimeng Duterte.

Nailunsad ang mga aktibidad sa kabila ng kawalan



ng deklarasyon ng tigil-putukan at ng hindi nagpuksat na sustenidong pag-atake ng FMO-RCSP sa iba't ibang bahagi ng isla. Naging dagdag na limitasyon din ang hatid ng militaristang lockdown sa mga mamamayan para maidaos ang pagdiriwang. Hindi nga pangkaraniwan ang selebrasyon sa panahong ito!

Tampok sa mga aktibidad ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

Kampuhang Kabataan, Breyktru sa isang larangan!

Sa isang larangang gerilya sa isla, sinalubong ang ika-52 anibersaryo ng PKP sa pamamagitan ng paglulunsad ng limang araw na Kampuhang Kabataan na may Temang "KABATAAN, Pag-aralan ang Lipunan, Magkaisa at Tumindig sa Panahon ng Pandemya, Lumaban para sa Pambansang Paglaya!"

Layunin ng Kampuhang Kabataan na itaas ang pag-unawa ng mga kalahok sa kasalukuyang kalagayan ng mga kabataan sa ilalim ng mala-kolonyal at mala-pyudal na lipunan na pinalala pa sa panahon ng pandemyang Covid-19. Layunin din nitong maipakita ang kawastuhan ng armadong pakikibaka na buong giting na isinusulong ng Hukbong Bayan bilang solusyon sa kinakaharap na problema ng mga kabataan at ng buong sambayang Pilipino.

Lumahok ang ilampung kabataan sa nailunsad na mga aktibidad sa Kampuhan. Kabilang dito ang pagsasanay sa Batayang Kasanayang Militar na binubuo ng ehersisyong militar, martial arts, indibidwal combat techniques, at kasanayan sa sandata. Nailunsad din ang pampulitikang pag-aaral kaugnay sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino at Espesyal na Kursong Kabataan. Naging malikhain ang mga kabataan sa palihan sa rebolusyonaryong kultura.

Sa pagtatapos, sumanib ang Kampuhang Kabataan sa selebrasyon ng ika-52 taong Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas kung saan

itinanghal ang nilikha nilang tula at mga pangkulturang obra tungkol sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Ang mga kulturang pagtatanghal ay nagsalarawan ng paghihikahos ng mamamayan sa Isla bunsod ng pandemya, pananalasa ng mga natural na kalamidad ganundin ng mga anti-mamamayan, makadayuhan at mapanira sa kalikasan na mga patakaran at proyekto ng gobyerno.

Naging tampok ang balagtasang tungkol sa pwersahang pagpapasuko sa mga magsasaka at katutubo sa mga eryang pokus ng nagpapatuloy na FMO-RCSP. Naitanghal ng mga kulturang grupo ang tula-galaw na Gintong Puntod na nagpapahayag ng pagtutol sa malakihang pagmimina at pagpapakita ng natutunan sa indibidwal combat technique sa saliw ng awiting Karaniwang-tao.

Bilang sukatan ng tagumpay ng aktibidad na ito, ilang kabataan ang nagdeklarang mag-pultaym sa Bagong Hukbong Bayan habang ang ilan naman ay nangakong magpapatuloy sa pagpupukaw, pag-oorganisa, at pagpapakilos sa mga kapwa kabataan. Bilang mga kasapi ng Kabataang Makabayan, magtutuloy-tuloy silang gagampan para sa kagalingan at interes ng mga kabataan at ng mga uring inaapi at pinagsasamantalahan. Nilaman ng programa nila ang sama-samang pagkilos sa pagharap sa pandemyang COVID 19 at ipinatutupad na *blended learning*. Tuluy-tuloy din silang mag-aambag ng mga pultaym na kabataan para sa Bagong Hukbong Bayan. Isusulong nila ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan sa lahat ng pagkakataon at paraan na kaya nila!

Family day at pasasalamat sa mga masa, inilunsad ng isang yunit ng LDGC!

Ipinagdiwang ng isang yunit ng NPA ang ika-52 anibersaryo ng Partido sa piling ng mga kapamilya ng mga kasama at masa. Bago ang pagsapit ng kaarawan ng Partido at sa diwa ng tradisyunal na pagdiriwang ng pasko at bagong taon, maagang sumanib sa yunit

ang kapamilya ng ilang kasapi ng BHB at masa. Habang nakasanib sa yunit nagdaos sila ng iba't ibang pampulitikang aktibidad gaya ng literasiya at numerasiya, talakayan, kapehan, balitaan filmshowing, kulturang pagtatanghal at sa isang pambihirang gabi, nagpasya ang mga kabataan na magsagawa ng sayawan na pinahintulutan naman ng kumand ng yunit.

Tampok na aktibidad ang pag-aaral ng lahat ng opisyal at mandirigma, kalahok ang mga pamilyang nakatipon sa pahayag sa anibersaryo ng panrehiyong pamunuan ng Partido. Tinalakay ang kabuuang sitwasyon ng rebolusyonaryong kilusan partikular sa isla ng Mindoro at ang napapanahong mga hamon at tungkulin para sa susunod na taon.

Nagpasalamat din ang mga kasama sa masang naroon dahil sa kanilang walang patid na suporta sa Partido at rebolusyonaryong kilusan kahit katumbas ito ng banta at panganib sa kanilang buhay.

Pagtitipon sa Anibersaryo, inilunsad ng lahat ng yunit ng Hukbo

Bilang kulminasyon ng mga aktibidad sa paggunita ng anibersaryo ng Partido, inilunsad ng lahat ng yunit ng LDGC ang pulong-anibersaryo sa maraming bahagi ng mga sona at larangang gerilya, karaniwang nilaman nito ang pagbubukas ng programa sa pag-awit ng Internationale, pagbati sa lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido sa Hukbo at ang mainit na pasasalamat sa masa at mga pamayanan sa kanilang dedikasyon at balon na walang pagkasaid ng suporta sa armadong pakikibaka.

Naglaan ng bahagi sa programa ng seremonya sa pagpaparangal sa lahat ng namartir na mga kasapi at kadre ng Partido, pulang mandirigma at opisyal ng BHB, at masa na nagbuwis ng buhay sa taong 2020. Ang mga pagpupugay ay may kaakibat na 21 Gun Salute.

Masigabong palakpakan ang sukli ng mga kalahok sa pulong tuwing may naghahandog

ng kulturang pagtatanghal, pananalita, pagbati at pakikiisa.

Sa lahat ng mga pagtitipon, maikling inilahad ang pandaigdig at pambansang kalagayan ganun din ang kasalukuyang kalagayang ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ng Mindoro. Sa huling bahagi ay ang paglalata ng pitong tungkulin sa panibagong taon ng ating pakikibaka na nilaman ng pahayag ng Komiteng Rehiyon sa ika-52 taon ng PKP.

Sa isang pagtitipon na nilahukan ni Kasamang Madaay Gasic, ipinahayag niya na "Ginampanan ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro ay ang buong-kayang pagtatanggol at pagsusulong ng interes ng mga Mindoreño. Naging pangkalusugang frontliners ang mga istap-medikal ng BHB, isinulong ang rebolusyong agraryo upang lutasin ang kawalan ng lupa at suportang pangkabuhayan sa mga magsasaka at katutubo,

nilaban ang Rice Tarrification Law na nagtulak ng pagsadsad ng presyo ng palay habang sumirit pataas ang presyo ng bigas, sinuportahan ang laban para sa pagpapataas ng mga produktong bukid ng mga magsasaka at katutubo. Higit sa lahat, ginampanan ng BHB ang kanyang tungkulin na ipagtanggol ang mga Mindoreño sa pasismo ng rehimeng US-Duterte. Nakapaglunsad ang LDGC-NPA-Mindoro ng 20 taktikal na opensiba ngayong taon."

Nagbigay naman ng mensahe ng pakikiisa ang representante ng iba't-ibang organisasyon ng Pambansang Demokratikong Prente.

Sa isang pagtitipon na nilahukan naman ni Ma. Patricia Andal, ipinanawagan niya na magkaisa ang buong Mindoreño laban sa imperyalismo, pyudalismo, burukrata-kapitalismo at pasismo ng estado. Ang rehimeng Duterte

ang punong ehekutibo ng lahat ng mapagsamantala at mapang-aping uri sa bansa kaya sa kanya ibuhos ang patama kapwa ng mga taktikal na opensiba ng NPA at ng malakas na kilusang bayan ng mga demokratikong uri at sector. Dapat lamang na ibagsak ang paghahari ng diktador at teroristang si Duterte at itayo ang mga Organo ng kapangyarihang Pampulitika.


Ang pagsasara ng mga pagtitipon ay ginawa sa pagtanghal ng Pulang Hukbo, at sabayang pag-awit ng Internationale. *A*

Pamunuan ang Demokratikong Rebolusyong Bayan laban sa Imperyalismo, Pyudalismo at Pasismo!

Mabuhay ang ika-52 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas!



BALITANG



Tagumpay ang isinagawang operasyong isnayp ng isang tim ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro sa mga elemento ng RCSP unit ng 4th IB sa sityo Mantay, Brgy Monte Claro, San Jose, Occidental Mindoro bandang alas-4:30 ng hapon noong Disyembre 18.

Isnayp sa RCSP sa Brgy Monteclaro, San Jose, OccMin, Tagumpay!

Isa ang bumulagta sa panig ng pasistang kaaway sa pinakawalang bala ng tim. Ligtas namang naka-atras ang yunit na nagsagawa ng operasyon.

Tugon ito ng LDGC sa kahilingan ng mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao ng 203rd Brigade sa mga Mindoreño, laluna sa hanay ng mga katutubong Mangyan. Agad na aksyon din

ito ng LDGC upang bigyang katarungan ang 4 na NPA na namartir sa labanan sa Sorong, Aguas, Rizal noong Distembre 14.

Hindi titigil ang mga yunit ng LDGC-NPA-Mindoro sa pagtupad ng sagradong tungkulin nitong bigyan ng rebolusyonaryong hustisya ang mamamayang biktima ng kriminal na gawa ng rehimeng US-Duterte. *A*

Isulong sa mas mataas na antas ang rebolusyon sa Mindoro!

Sa taong 2020, patuloy na binigo CPP-NPA-NDF-Mindoro ang rehimeng US-Duterte na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Taglay ang mataas na pampulitikang kapasyahan, nilabanan ng rebolusyonaryong pwersa sa pangunguna ng Lucio De Guzman Command-NPA Mindoro ang mga sustenidong Focused Military Operations at Retooled Community Support Program (FMO-RCSP) sa isla.

Mula noong 2019 nang ipinatupad ng rehimeng US-Duterte ang madugong JCP-Kapanatagan at ipinatupad ng kautusang Executive Order No. 70 na nagbuo ng NTF-ELCAC. Ginamit nito ang buong estado at mga institusyon laban sa CPP-NPA-NDF at sa sambayanang naghahangad ng pagbabago.

Sa Mindoro, pinangunahan ng 203rd Brigade katuwang ang PNP-MIMAROPA ang paglulunsad ng todo-gerang FMO nang halos sabay-sabay sa dalawang probinsya ng isla. Mahigit anim na batalyon ng pinagsamang pwersa ng pasistang sundalo, pulis at CAFGU Active Auxilliary (CAA) sa isla ang ginagamit na panagupang pwersa ng 203rd Brigade para sa madugong gera nito laban sa rebolusyonaryo at mamamayang Mindoreño. Pinalaki nito ang bilang ng mga ginagamit na pasistang tropa sa mga operasyong kinukumpas sa antas ng brigada na may sustenidong tagal ng humihigit ng isa hanggang tatlong buwan sa bawat siklo sa tutok nilang erya.

Sa gitna ng paglaban

sa pandemya, tinodo ang militarisasyon sa kanayunan tulad ng panganganyon at pambobomba sa mga mamamayan at pamayanan ng mga katutubo gamit ang mga eroplanong pandigma, pagpaslang, pag-aresto, pambubugbog, pisikal at mental tortyur. Kinampuhan ng mga sundalo ang mga pamayanan upang takutin, sapolitang pasukuin at kontrolin ang populasyon sa mga pamayanang ito. Nagamit pa ang pandemyang Covid-19 para pahigpitin ang kontrol sa kilos ng mamamayan sukdulang nawalan ang mga ito ng kabuhayan.

Pinilit ang mga LGU's na ideklarang persona non grata ang kilusan habang ginamit ang pondo ng mga ito sa paimbabaw na mga proyekto tulad ng mga multi-purpose hall, kubeta, kalsada at ilaw sa kalsada.

Inilantad ng kahirapan at kagutuman ng Mindoreño ang naghuhumiyaw na kapabayan at kawalan ng matinong programa sa paglutas sa problema sa lupa, pagkaatrasado ng



MGA KWENTO NI KA MADAAY GASIC

produksyon, kawalan ng sustenableng kabuhayan at makatarungang presyo sa mga produktong bukid, kawalan ng demokratikong serbisyo sa pampublikong kalusugan, edukasyon at kawalan ng kahandaan sa pangkagipitang panahon ng mga kalamidad at pandemya.

Sinakal sa leeg ang sambayanan ng isinabatas na Anti-Terrorism Law o RA 11479. Target nito hindi na lamang ang mga rebolusyonaryong pwersa kundi maging ang mga ordinaryong sibilyan, progresibong grupo, at ang mga kalaban ng rehimeng Duterte sa pulitika at negosyo. Pinag-ibayo pa nito ang mga panggigipit di lamang sa kanayunan kundi maging sa kalunsuran. Lahat ng sektor ng Mindoro ay hindi ligtas sa pagtatatak na Pula, kabilang ang mga taong-simbahan, negosyante, propesyunal, estudyante, at maging ang hanay ng makabayang pulitiko at kawani ng gobyerno. Tumindi ang kalupitang dinanas ng masang Mindoreño sa kamay ng berdugong 203rd Brigade.

Sa harap ng lahat nang ito, buong giting na ipinagtanggol

ng LDGC ang mga Mindoreño. Nailunsad ang 20 taktikal na opensiba ng LDGC sa buong taon ng 2020. Pinatamaan nito ang berdugong 203rd Brigade, PNP-MIMAROPA, CAA at kanilang mga impormer. Maliit na platung pasista ang napatay at dagdag pang maliit na platoon din ang nasugatan sa mga opensibang ito. Sa kabilang banda, maliit na iskwad ang namartir sa panig ng NPA sa sampu pang labanang wala sa inisyatiba ng BHB.

Tampok sa mga opensiba ng LDGC ang matagumpay na ambus laban sa pasistang pwersa ng PNP-MIMAROPA sa Mansalay at ang reyd-pamamarusa upang patigilin ang operasyong pagkwari ng Aglubang Mining Corporation na sumisira sa kalikasan at kabuhayan ng mga mamamayan sa Victoria, Naujan at Calapan.

Binandera nito na tanging sa armadong pakikibaka lamang makakamit ang katarungan sa mga problema at kaapihang dinaranas ng masa. Patunay din na NPA ang tunay na hukbo ng mahihirap at mahigpit na katuwang ng mga masa upang lutasin ang kanilang mga problema.

Naging katuwang ang Hukbo ng mga masa sa pagsulong ng Rebolusyonaryong Agraryo upang labanan ang mababang presyo ng produktong bukid, pandaraya sa timbang at dimakatarungang mga kaltas sa produkto ng magsasaka at katutubo, kawalan ng subsidyo sa panahon ng pandemya at kalamidad, mababang pasahod sa lakas paggawa sa mga manggagawang-bukid, mataas na interes sa pautang, at mga pagpapalayas sa lupain ng mga magsasaka, mangingisda

at katutubo dahil sa mga anti-mamamayang programa at proyekto.

Sa wastong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, patuloy na bibiguin ng LDGC ang palalo, malupit at berdugong AFP-PNP ng rehimeng US-Duterte na kinakatawan ng 203rd Brigade sa Mindoro.

Nananawagan ang LDGC sa mga Mindoreño na itaas ang pagkakabuklod at mag-ambag ng buong kakayahan upang isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Nananawagan kami sa lahat ng may kakayahan na sumapi sa NPA. Ito ang pinakamataas na anyo ng pagkilos na dapat nating tahakin upang malutas ang problema ng sambayanan!



LATHALAIN

Kampanya sa Batayang Kurso ng Partido (BKP), sinuportahan ng mga pwersa at masa sa lokalidad!

Napagpunyagian ng rebolusyonaryong kilusan ang kampanya sa pag-aaral ng BKP. Napagtapos ng kurso ang mahigit 50 mga lider at aktibistang masa mula sa ibat-ibang baryo ng mga magsasaka at katutubo, mga pultaym na mga opisyal at mandirigma ng Hukbong Bayan.

Bilang pag-angkop sa kalagayan ng mga mag-aaral na kailangang bigyan ng puwang ang paghahanap-buhay, itinakda ang staggered na paraan ng paglulunsad at pagpapatapos sa mga mag-aaral.

Sa isang bats, matapos ang maghapon na pagtatrabaho sa bukid ay masikhay na pumupunta ang mga mag-aaral sa pwesto ng mga kasama bawat gabi. Matapos ang pagpapalitan ng nakalap na impormasyon sa maghapon tungkol sa kalagayang panseguridad, itinutuloy ang mga paksang nakatakdang pag-aralan sa gabing iyon.

Sa isang bats naman, pumwesto ang yunit sa gitna ng magkakalapit na baryo. Kinuha ang iskedyul kung saan itinakda ang araw para sa bawat baryo ayon sa maluwag na iskedyul ng mga mag-aaral dito. Ang bawat lugar na nakaiskedyul na mag-aral ay naglaan ng buong maghapon hanggang gabi sa pag-aaral. Nagpalitan ng araw ng pag-aaral ang magkakasama sa isang lugar at itinutuloy

ang aralin mula sa huli nilang nakuhang paksa. Sa mga mag-aaral na hindi nakakumpleto ng aralin, nagpadala ang yunit ng BHB ng isang tim ng mga instructor upang punuan ang mga patlang na paksa nang sa ganoon makumpleto ang buong kurso.

Isang kilusang masa rin kung paanong naitaguyod ang mga bats ng pag-aaral. Kanyakang dala ng mga baon para matugunan ang pagkain ng mga mag-aaral at maging ng mga kasama sa loob ng ilang araw. Nagsisiyasat din sila sa paligid upang mapanitili ang seguridad ng pag-aaral.

Ang Batayang Kurso ng Partido ay ang unang kurso sa tatlong antas ng aralin na kailangang mapag-aralan ng lahat ng kasapi ng Partido. Tampok na tinatalakay dito ang MLM bilang teoryang gabay ng Partido, ang mga uri at krisis ng lipunang Pilipino, kasaysayan ng Pilipinas, ang demokratikong rebolusyong bayan, ang programa nito at ang sosyalistang perspektiba ng rebolusyong ito. Isang bahagi ng

kurso ay inilaan sa pagtalakay sa Partido Komunista ng Pilipinas bilang bilang pampulitikang partido ng uring proletaryado at tumatayong pinuno ng kasalukuyang sumusulong na bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

Sa pagtatapos ng mga bats ng BKP, pinatibay nito ang paninindigan ng mga mag-aaral na mag-ambag para sa tagumpay ng rebolusyon, buhay man ang ialay sa pagsumpa bilang mga kasapi ng Partido.

Malaking bigwas ito sa kampanyang pagpapasuko at sa sustenidong FMO-RCSP ng rehimen bunga ng desperasyon nitong durugin ang rebolusyonaryong kilusan!



NDFP-MINDORO BULLETIN

MULA KAY KA MA. PATRICIA ANDAL

Magsasaka ang isa sa pinakamalaking produktibong pwersa na nagsisilbing haligi ng ekonomiya sa buong bansa pero sila ang gutom, maralita, at inaapi. Samantala, mga lintang sumisipsip sa nalilikhang yaman ng mga magsasaka ang mga panginoong maylupa (PML), burukrata-kapitalista (BK), malalaking burgesya komprador (MBK) at dayuhang monopolyo-kapitalista. Nagiging mas malupit ang paninibasib sa kabuhayan ng mga magsasaka habang lumalalim ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang kinasasadlakan ng ating bansa sa panahong umaarangkda ang COVID-19.

Pagsasamantalang pyudal at mala-pyudal ang mayor na problemang kinakaharap ng masang magsasaka

Ang sistemang pyudal na mauugat sa dantaon ng kasaysaysan ng bansa ay may dalawang mukha - ang monopolyong pagmamay-ari ng lupa ng iilang panginoong-maylupa (PML) sa isang panig habang nasa kabila ang sanlaksang Pilipino na wala o kulang ang lupa, atrasado ang paraan ng pagsasaka, kulang o simple ang kagamitan sa pagsasaka at biktima ng iba't ibang manipulasyon ng una. Kapit sa patalim na tinatrabaho ng magsasaka ang lupa para mabuhay sa anumang kondisyon na ipataw ng PML.

Ang malapyudal na sistema ay ang pagsasanib ng pyudal na monopolyo sa lupa ng mga PML at ang monopolyo niya sa komersyanteng kapital sa kanayunan kasabay ng pangigingibabaw ng mga malalaking burgesya-komprador. Nangangahulugan ito ng kontrol ng mga uring ito sa presyo ng produktong-bukid, mataas na presyo ng mga sangkap, kagamitan at kemikal sa pagsasaka, usura, pandaraya sa kalakalan, mababang sahod

Pagsasamantalang pyudal sa isla lalong tumindi sa panahon ng pandemyang COVID-19!

ng manggagawang bukid, sumisirit na presyo ng bigas at batayang pangangailangan, kawalan ng ayuda sa panahon ng pandemya at mga kalamidad.

Ang pyudal at malapyudal na sistema ay ipinagtatanggol ng mga burukrata-kapitalista sa loob ng reaksyunaryong guberno. Marahas na instrumento nito ang mga batas at patakaran, iba't ibang ahensya, mga korte't kulungan, at ang mga sundalo at pulis.

Danas ng mga magsasaka sa Oriental at Occidental Mindoro ang pagsasamantalang pyudal at mala-pyudal kakabit ang militarisasyon sa kanayunan

Pagtatanim ng palay ang pundasyon ng ekonomiya ng isla na pinagmumulan ng kabuhayan ng mayorya ng Mindoreño. Kasunod na ang niyog, mais, saging, mga prutas at sitrus, sibuyas, bawang at monggo. Sa iba pang bahagi, pangunahing produkto ang mga halamang ugat tulad ng luya, bundo, gabi, balinghoy, kamote at ube.

Sa isang ektaryang tubigan, aabot ng P50,000 ang karaniwang gastos sa produksyon. Kabilang sa gastusin ang kagamitan, binhi, mga kemikal, patubig, at gastos sa lakas paggawa mula sa paghahanda ng lupa hanggang maani ang palay. Batay sa pambansang abereyds na aning 77.4 kaban bawat ektarya (may kabuuang timbang na 3.870 metriko tonelada), ang sambot-gastos na presyo ng palay ay P13.00 bawat kilo.

Sa taong 2020, naging karaniwang presyo ng palay ang P14.00 bawat kilo. Katumbas ito ng P3,870 lamang na kita ng magsasaka sa loob ng apat na buwan o P32.25 bawat araw. Nanatili naman sa P19/kilo ang pamimili ng NFA, ganoonman dahil pinaliit pang lala ang badyet ng NFA ni Duterte, iilang metriko tonelada lamang ang kaya nitong bilhing

palay ng mga magsasaka. Sa ganito, mapupunta pa din sa mga bagong tipong panginoong maylupa ang bulto ng aning palay ng mga magsasaka.

Sa kaso ng magsasakang walang sariling lupa, magbabayad pa siya ng upa sa lupa. Kung inutang niya ang mga sangkap sa pagsasaka, ibabawas pa ang interes nito sa kanyang ani. Kaya patung-patong na kabawasan ito sa kanyang pinaghirapan.

Sa ganitong sistema, lubog sa kumunoy ng pautang ang magsasaka. Kung sariling puhunan ang ginamit niya, nawalan pa siya ng puhunan. Sinisimot sa kanyang kamay pati ang bahagi ng kanyang produksyon para sa batayang sustento ng kanyang pamilya.

Kairalan naman sa mga manggagawang bukid sa tubigan na kinukuha silang katulong na karaniwang tumatanggap ng 10-15% ng bahagi sa ani sa apat na buwan na pag-aalaga ng tubigan. Katumbas lamang ito ng gross na kitang 8 hanggang 12 kaban ng palay na may halagang P5,600 hanggang P8,400 na kita sa saklaw na panahon o arawang kita ng P47 hanggang P70.

Makabubuhay ba ng isang pamilyang may 5 katao ang halagang ito? Nagiging kasabihan na pagdating ng anihan, magsasako na lamang ang magsasaka.

Samantala, tiba-tiba ang mga PML at MBK na walang katiting na ambag sa buong proseso ng produksyon, liban sa kanyang monopolyo sa pagmamay-ari ng lupa at komersyanteng kapital. Kaya pandarambong ang pagkuha ng mataas na upa-sa-lupa, upa sa mga kagamitan at mataas na interes sa pagpapautang ng pera, pagkain, kagamitan sa pagsasaka, binhi at mga kemikal na may interes na 80% (sa 5:6) at 210% (alili o katawagan sa sistema ng pautang na mas

mataas ang interes sa 5:6, na 3 kaban bawat P1000) sa loob lamang ng apat na buwan.

Makikita rin ang iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa iba pang linya ng pananim sa Mindoro.

Sa kaso ng mais na may 4 na salop ang binhi o katumbas na 8.8 kilo, kabuuang gastos mula sa paghahanda, pagtanim at pagmamantala hanggang pag-ani ay aabot ng P10,700. Aani ito ng minimum na 10 kaban na may 70 kilo ang timbang kada sako o kabuuang 700 kilo. Kapag dinala na ang mais sa pamilihan, babawasan ito ng resiko na katumbas ng 1 kilo sa bawat 10 kilo. Kaya sa 10 sakong ibebenta, 70 kilo ang mababawas na walang bayad dahil sa resiko at siyam (9) na sako na lamang ang mababayaran. Sa taon 2020, sumadsad ang presyo ng mais sa P12.00 bawat kilo at may isang panahon ng umabot naman ng P16.00. Kapag binawas na ang resiko, ang kabuuang 10 sako ay magkakahalaga lamang ng P7,560 (sa P12/kilo) o pinakamataas nang P10,080 (sa P16.00/kilo). Kaya hindi na rin nasambot ng magsasaka ang kanyang pinaghirapan sa pagtanim ng mais. Higit na mawawalan pa siya ng puhunan kapag isinama sa larawan ang daya sa timbangan na karaniwang tinatawag na "hatak".

Sa saging (cardaba o saba), tinatayang P113.00 bawat puno ang gastos sa pagtanim ng saging. Isang taon itong inaalagaan bago makunan ng bunga at mapagkukunan naman ng produkto sa loob ng 3 taon. Ang sambot-gastos na presyo ng saging ay P0.60 bawat piraso o katumbas ng P60.00 bawat isang daan. Pagdating ng pamilihan, pinapatawan ito ng mga mamimili ng talsik, panilyo at pagti-tenor. Ang pagti-tenor ay ang pagklasipika batay sa sukat - ang big, small, good ramble at jumbo. Madalas na sangkatlo ng saba ay mapapabilang sa big at ang dalawang-katlo ay small. Nagkakahalaga ang small ng P60 at sa taong 2020, matagal na panahong bumaba ng P40.00 ang isang daan. Ang big ay may presyong mula P80.00 hanggang P120 ang sandaan. Sa tyanggian,

nakabatay ang bilang sa tiglimang piraso at kung may kulang sa limang piraso sa isang piling ituturing na itong talsik. Sa bawat 500 na bilang, may kukunin pang panilyo. Kinukuha ng negosyante ang talsik at panilyo na hindi binabayaran ang magsasaka.

May ilang mamimili na ibinabatay sa kilo ang saging. Kahit sa ganitong kaayusan, may resikong binabawas sa saging ang mga mamimili. Isang kilo sa bawat sampung kilo ang resiko sa saging. Ang timbang ng 100 piraso ay finatayang aabot ng 12 kilo ng small at nagkakahalaga ng P25.00 at ang big ay umaabot ng P30.00 ang isang kilo. Hindi pa laganap ang pamimili ng saba batay sa kilo at kung ito ang gagamitin, nakatatanggap ng mas mataas na kita ang magsasaka dahil resiko na lamang ang binabawas.

Hayagang pagnanakaw sa pinaghirapan ng magsasaka ang resiko, panilyo, talsik, taktak at tara sa kopras at marami pang kaltas na walang ekonomikong batayan. Sa mga kasong aralin na naihapag, nalalantad ang tindi ng pagsasamanta sa magsasaka at manggagawag bukid. Samantala, tubong lugaw sa laki ng kinikita ang mga PML at MBK.

Ito ang larawan ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa mga magsasaka sa isla. Madalas na lugi sila at nauwi sa pagkabaon sa utang. Nauwi ang mga kasangkapan niya sa pagsasaka na naipambabayad sa utang at sa kaduluhan, nagiging manggagawang bukid na lamang sila. Sa Mindoro, 65% ng mga magsasaka ay walang sariling lupa at sa may pag-aaring lupain, ang mayorya ay kulang ng isang ektarya lamang.

Sa hakbanging militaristang lockdown laban sa pandemya ng rehimeng US-Duterte, lalong nasadlak ang mga magsasaka sa karalitaan nang halos ay tumigil ang produksyon at buong ekonomya. Kapag maglalabas ng kanilang produkto ay biktima pa ito ng pangongotong ng mga pulis sa naglipanang tsekpoynt.

Hindi rin sapat ang Social Amelioration Program (SAP)

upang punuan ang nawalang kita ng mga magsasaka't manggagawang bukid. lilan lamang ang nakatanggap ng pakitang-taong SAP at signipikante ang kulang ang tinanggap sa kabila ng malaking pondo na inilaan dito ng Bayanihan to Heal as One Act I at II ng rehimeng Duterte. Malaking bulto ng pondong ito ay kinorakot ng rehimen at mga alipures niya. Kaya ang mga magsasaka ay mas nag-aalala na mamatay sa gutom at hindi pa sa COVID-19.

Walang ibang makalulutas sa daang-taong pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi sa mga magsasaka kundi ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Maksimal na layunin nitong kumpiskahin ang lupain sa kamay ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at monopolyo kapitalistang dayuhan at ipamahagi ng libre sa mga magsasakang wala o kulang sa lupang binubungkal. Minimum na layunin naman nitong ibaba ng husto ang upa sa lupa, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid, pawiin ang usura, itaas ang presyo ng mga produktong bukid at ibaba ang presyo ng mga pangunahing gastos sa produksyon. Upang makamit ito, kailangang itatag, palawakin at palakasin ang rebolusyonaryong lakas ng masang magsasaka upang unti-unting pahinaan hanggang tuluyang ibagsak ang kapangyarihan ng uring panginoong maylupa sa kanayunan. Kailangang yakapin at isulong nito ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng ibayong pagpapalakas sa Bagong Hukbong Bayan upang lupigin ang armadong pwersa ng mga panginoong maylupa at ng naghaharing sistema. Sa gayon, kailangan niyang lumahok at suportahan ang



digmang bayan at gawin ang buong makakaya upang dalhin ito sa tagumpay.

Mahaba na ang kasaysayan ng paglaban ng masang magsasaka sa Mindoro para sa kanilang lupang sinasaka. Nagkamit ito ng mga tagumpay sa nakaraan na hawak pa nila hanggang ngayon. Gawin nating inspirasyon ang mga tagumpay na ito upang isulong ng higit na determinado at daihin sa bago at mas mataas ang rebosyonaryong kilusang magsasaka para sa rebolusyong agraryo at pambansa-demokratikong rebolusyon. Gawin natin ito kasabay ng pakikibaka upang ibagsak ang pahirap, tuta, pasista at diktador na rehimeng US-Duterte! ✈

Pinakamataas na Parangal sa mga Rebolusyonaryong Martir ng Sorong, Aguas, Rizal, Occidental Mindoro!

Pinakamataas na pagpupugay at parangal ang iginagawad ng LDGC-NPA-Mindoro sa apat na kasamang namartir sa isang labanan sa pagitan ng LDGC at ng 4th IB sa ilalim ng 203rd Brigade-Philippine Army noong Disyembre 14, 2020 sa Sitio Sorong, Barangay Aguas, Rizal, Occidental Mindoro.

Sina **Dario "Ka Poldo" Almonte**, **Irene "Ka Analyn" Yam-ay**, **Kook "Ka Jimer" Mabugay** at **Reagan "Ka Jake"** ay nasawi habang magiting na nakikipaglaban sa mga pasistang militar ng 203rd Brigade. Sila ang pinakahuling bayani ng sambayanan na nagbuwis ng kanilang tanging buhay upang isulong ang interes ng pinagsasamantalahan at inaaping mamamayang Mindoreño at sambayanang Pilipino.

Ang naganap na labanan ay isang panandang bato sa marubdob na pagnanais ng masang Mindoreño at ng sambayanan na wakasan na ang reaksyunaryo, pasista, anti-mamamayan at tuta-ng-dayuhang rehimeng Duterte. Ang kanilang sakripisyo ay simbolo ng wagas na paglilingkod ng Bagong Hukbong Bayan sa masang api at pinagsasamantalahan.

Mabigat man ang sinagupang laban ng yunit ng LDGC sa mga berdugong tropa ng 203rd Brigade ni Duterte sa Sorong, higit namang mabigat ang epekto kung mananahimik na lamang ang mga Mindoreño at sambayanan sa harap ng todong pahirap at pandarahas na ginagawa ng rehimeng US-Duterte.

Pinakamabigat na pasan ng magsasaka ang kawalan ng lupang masasaka. Tinatayang

dalawa sa bawat tatlong magsasaka sa Mindoro ang walang sariling lupang sinasaka. Dahil dito, kapit sa patalim na pinapasok ng masang magsasaka ang pyudal at malapyudal na pinapataw ng mga luma at bagong tipong panginoong maylupa tulad ng napakataas na upa sa lupa, mababang pasahod, usura, mababang presyo ng mga produktong bukid habang mataas naman ang gastos sa farm inputs.

Naging pamatay na dagok sa mga magsasaka sa palayan ng Mindoro ang pinagtibay at ipinatupad ng rehimen na Rice Tariffication Law. Lalung ibinagsak nito ang presyo ng palay habang walang patumanggang nag-angkat ng bigas mula sa ibang bansa. Malawakang dislokasyon naman ang dulot ng mga proyektong Mina, Renewable Energy Projects (REP) at Ekoturismo.

Ilan lamang ito sa mga problemang pinagtutuwangang lutasin ng mga masa at ng mga yunit ng NPA, kabilang ang yunit ni Ka Poldo na sumasaklaw sa ilang bayan ng Occidental Mindoro. Pursigido nilang ginagampanan ang kanilang tungkuling abutin ang pinakamalawak na mamamayang Mindoreño sa kanilang saklaw upang imulat, organisahin at pakilusin. Nagkamit sila ng mga tagumpay upang palakasin ang organisadong lakas ng mamamayan at lutasin ang mga saligang problema nila.

Dahil dito, kahanga-hanga ang ipinakitang kabayanihan ng mga kasamang martir sa kanilang kagitingan sa pakikipaglaban sa kaaway ng sambayanan at sa pagtatanggol sa interes ng

inaaping uri't sambayanan. Sila ang mga tunay at mahuhusay na anak ng bayan, ang mga tapat na nagmamahal sa mahihirap at inaapi. Magiging inspirasyon ang kanilang buhay at pakikibaka para sa lahat.

Si **Ka Poldo/Solar** ay tubong Batangas, nagmula sa uring manggagawa, namulat at pinanday ang paninindigan sa pakikibaka ng kanilang uri para sa pagpapataas ng sahod at pagtatanggol sa interes ng mga manggagawa. Sa pagkamulat niya sa ugat ng problema ng mga manggagawa at mala-manggagawa nabatid niya ang kahalagahan ng pagsusulong ng armadong pakikibaka at ng rebolusyon. Dahil dito, nagpasya siyang magpultaym at sumapi sa NPA noong 1985. Kumilos sa lalawigan ng Batangas ng kung ilang taon hanggang sa naitalaga sa Mindoro mula 2007 hanggang sa araw ng kanyang pagkamartir. Siya ang tumatayong Platoon Lider, at Pangalawang Kalihim ng Sangay ng Partido sa kanilang platoon. Mula sa karaniwang manggagawa, umunlad si Ka Poldo bilang mahusay na kadre ng Partido at kumander ng BHB. Saanman siya madestinatong lugar, mahal na mahal ng masa si Ka Poldo. Masayahin, palabiro at magiliw sa mga kasama at sa masa. Dahil sa kanyang husay, nahalal siya bilang kagawad ng Komite sa Isla at tumatayong isa sa responsableng kadre at pangunahing Kumander ng BHB sa isla.

Si **Ka Analyn** ay isang kabataan na nagpultaym noong 2016. Mula pa sa pagkamulat bilang bata ay dama na niya ang diskriminasyon sa mga katutubo lalo na sa kababaihang katutubong Buhid. Nakapag-aral siya hanggang kinder lamang, bagay na lalong nagtulak sa



kanya upang hanapin ang karunungan sa loob ng organisasyong masa at bandang huli bilang pultaym sa Hukbo. Masipag, matiyaga at higit sa lahat, siya ay malapit sa masang kanyang pinaglilingkuran. May katangian siyang tahimik at mahiyain subalit matalas na nag-oobserba sa kanyang kapaligiran. Napangibabawan niya ang pagiging mahiyain kung kaya lumabas ang kanyang husay sa pagpapaliwanag lalo na sa katutubong salita. Sa pagtagal niya sa Hukbo, naging maaasahang katuwang siya sa gawain. Nasanay na rin siyang makihalubilo sa mga masa at kasama. Matagal siyang nagsilbing opisyal sa lohistika sa kanyang iskwad at panapanahong naatasan bilang opisyal sa lohistika ng platon.

Si **Ka Jimer** ay isang mestisong Hanunuo Mangyan-Bisaya na nagpultaym sa Hukbo nitong Pebrero 2020. Bago pa man nagpultaym, aktibo na siya sa mga rebolusyonaryong gawain sa lokalidad. Pinanday ang kanyang kamulatan ng mga karanasan sa paghahanapbuhay bilang arawang manggagawang bukid - magtatalok, magtatabas at samu't saring marangal na hanapbuhay sa mga bukid upang makapag-ambag sa kabuhatan ng kanyang pamilya. Sa kanyang pagkamulat, nasapol niya ang kanyang papel bilang kabataan na mag-ambag ng lakas upang maiahon sa kahirapan hindi na lamang ang kanyang pamilya kundi ang buong uri ng magsasaka na kanyang pinagmulan.

Si **Ka Jake/Morgan/Reagan** naman ay isang kabataang Remontado sa Quezon na namulat dahil sa sariling dinadanas na kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi ng kanilang lahi. Sa gayon, madali na para sa kanya na maunawaan ang kawastuhan at kahalagahan ng armadong rebolusyon at ng NPA. Sa murang edad hanggang paglaki nakita niya ang katapatan ng NPA sa pagtupad sa kanyang tungkulin na ipagtanggol at ipaglaban ang karapatan sa lupang ninuno ng mga Dumagat at Remontado. Nakita niya na ang NPA lamang ang isa sa mayor na sandigan nila sa kanilang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatan at kagalingan. Mula pagkabata ay laman na siya ng mga ilog at sapa sa paghahanap ng pagkain. Kasiyahan na niya ang manisid ng isda upang may maihain sa hapag kainan ang kanyang pamilya. Magiliw siya sa kanyang mga kapatid. Responsable siyang anak na maagang nabatak ang katawan sa paghahakot ng tabla't pangangamuhan sa kabayanan, pagkaingin at iba't ibang pagkakakitaan para lamang may maitulong sa pamilya. Dahil sa pagkamulat sa kahirapan, di nag-atubiling sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Nakita nila at nasaksihan ang kahirapan at kalupitan ng pasistang Rehimen. Napalipat siya sa Mindoro noong 2019.

Malaking panghihinayang para sa mga Mindoreño ang pagkawala ni Ka Poldo, Ka Analyn, Ka Jimer at Ka Jake sa aktibong pagkilos. Subalit hindi

masasayang ang bawat patak ng dugong inialay nila sa bayan na higit na nagpapapula ng matabang lupa ng rebolusyon sa Mindoro.

Sa kanilang pagkawala, iukit natin sa dambana ang kanilang mga pangalan upang magpaalala sa atin na ang lahat ng ating pagkilos at gawain ay itutok sa pagbabago ng ating lipunang bulok at dahilan ng kahirapang dinaranas ng sambayanan.

Dakilain natin ang ambag na buhay at sakripisyo ng mga kasamang ito. Ihatid natin sila sa imortalidad upang hindi makalimutan ng sambayanan ang kanilang mga naibigay na lakas, talino at husay para sa masang api. Damputin natin ang kanilang sandata at yakapin ang simulaing pinagbuwisan ng kanilang mahal na buhay. Gawaran ng kaparusahan ang mga berdugong kumitil sa kanilang buhay.

Pulang Saludo sa lahat ng nagbuwis ng buhay at sa mga biktima ng karahasan ng Rehimen US-Duterte at ng 203rd Brigade!

Mabuhay sina Ka Poldo, Ka Analyn, Ka Jimer at Ka Jake!

Mabuhay ang mamamayang Mindoreño!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino!

Isulong ang demokratikong rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay! ✎

KULTURA

Para sa mga martir ng Sorong
ni Ka Faduksay
Enero 26, 2021

Ibig naming awitan o tulaan kayo Ka Jake, Ka Analyln, Ka Jemer, Ka Poldo
upang isatitik ang alaala
nang sambitin niyo sa masa,
"Lansagin ang diktadura!"
"Sumpain ang kaaway!"
"Tiyak ang tagumpay!"

Ngayon kayo'y mga martir na
maghahabi kami ng mga kataga
upang isambulat ang aming poot at pagkamuhi sa kaaway
Na sa inyo at sa baya'y pumapatay

Hayaan niyong...
patalasin namin ang mga titik
pumalahaw ang aming bawat hibik
Hayan na, hayan na...
Raragasa ang aming mga tula at awit
pinagliliyab sa puso ang makauring galit!


Pak pak pak!
Papatukin ang mga baril, pakawalan ang mga punglo
Tiyaking ibaon sa sintido ng mamamatay tao!

Boom!
Ihagis ang mga granada!
Papatakin sa kampo ng mga pasista!

Bong!
Pasabugin ang mga eksplosibo
Iasinta sa trak ng mga berdugo!

Asolt! Klining!
Alisan ng lakas ang mga pasista
Kumpiskahin ang mga sandata!

Katarungan sa mga martir ng Sorong
Rebolusyon ay buong tapang na isulong!



**Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro.
Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas
(Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.**

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi,
maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

✉ alabngdigmamindoro@gmail.com

📧 @alabngdigmamindoro

Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph